



PATNUBAY SA MISA

1 Hulyo 2018

Ika-13 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

MABUHAY ANG DIYOS NG BUHAY!

Ang kamatayan ay isa sa mga di maiiwasang malungkot na katunayan sa ating buhay. Ito'y napakasakit lalo na kapag kinukuha nito ang mga taong napakabata pa o maganda ang kinabukasan, malakas, o mahalaga't kailangan sa isang pamilya o lipunan. Sinasabi ng ating pananampalataya na ang pagdurusang at kamatayan ay hindi bahagi ng orihinal na plano ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang mga ito'y ipinakilala ng demonyo sa ating buhay nang ginanyak nito ang mga unang tao na sumuway sa tagubilin ng Diyos. Ang kaniyang mapanirang presensiya ay lalo pang lumalakas tuwing tayo'y nagkakasala.

Ipinaaalaala sa atin ng Liturhiya ng Salita ngayon na ang Diyos na ating sinasampalatayan ay ayaw ng pagdurusang at kamatayan sapagkat Siya ay "DIYOS NG BUHAY." Nais Niyang lahat ng tao'y magkaroon ng buhay na sagana. Ganito ang mensahe ng Unang Pagbasa at ng Ebanghelyo. Sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon, pasalamat natin ang Panginoon sa mga kaloob na buhay at kabuuan ng isip at katawan. Manalangin din tayong lahat ng tao'y magtamasa ng ganitong mga pagpapala.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lahat ng mga nilikha, pumalakpak nang may tuwa sa Amang D'yos na Maygawa, purihin s'ya sa salita pagka't siya ang Lumikha.

Pagbati

P—Ang kapayapaan at biyaya ng ating Panginoong Hesukristong humango sa atin sa kamatayang walang hanggan ay sumainyong lahat!

B —At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P —Tuwing ipinagdiriwang natin ang Eukaristiya, tayo'y nagiging mga panauhin ng Diyos sa Kanyang Piging na alaala ng Muling

Pagkabuhay ng Kanyang Anak na si Hesus. Saglit tayong manahimik at isipin natin kung gaano tayo di karapat-dapat sa banal Niyang presensiya. (Manahimik saglit.)

P—Para sa di natin pagpapahalaga sa kaloob na buhay at pag-abuso natin dito sa pamamagitan ng makasalanan nating asal, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa mga pagkakataong nakasakit tayo ng ating kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa mga pagkakataong naakay natin sa pagkakasala ang ating kapwa sa pamamagitan ng ating di magandang halimbawa at kapabayaang maging tunay na Kristiyano sa ngala't sa gawa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasa-

lanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, kaming iyong mga kinupkop ay niloob mong maging mga anak sa liwanag mong kaloob. Huwag mong ipahintulot na sa katiwalian kami ay masangkot. Panatilihin mo kaming nagliliwanag sa iyong katapatang lubos na sumisikat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Kar 1:13-15; 2:23-24*

Taglay ng sipi ngayon ang malinaw na sagot ng may-akda ng Aklat ng Karunungan. Karaniwan nang itinuturing ng tao ang kamatayan bilang malaking kaaway na naninira sa mga mahal niya sa buhay. “Bakit kamatayan, at ano ang kinalaman ng Diyos dito?” ay palagi nang tanong na tumatanggap ng magkakasalungat na sagot.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ng Karunungan

Ang kamatayan ay hindi likha ng Diyos. Ang pagkamatay ng alinmang may buhay ay hindi niya ikinalulugod. Ginawa niya ang bawat nilalang upang magpatuloy, at lahat ng nilalang niya ay mabuti at mahusay. Wala silang kamandang na nakamamatay. Ang kamatayan ay di naghahari sa daigdig na ito, sapagkat ang katarungan ng Diyos ay walang kamatayan.


Pagkat ang tao’y hindi nilikha ng Diyos para mamatay, kundi para maging larawan niyang buhay. Ngunit dahil sa pakana ng diyablo, nakapasok ang kamatayan at ito ang kahihinatnan ng mga napailalim sa kanya.

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 29*

B–Poong sa aki’y nagligtas, ang dangal mo’y aking galak!

R. M. Velez



* O Panginoon ko, sa iyong ginawa, kita’y pinupuri’t ako’y iniligtas, kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa’t magalak. Mula sa libingang daigdig ng patay, hinango mo ako at muling binuhay; ako, na kasama nilang napabaon sa kailaliman. **B.**

* Purihin ang Poon, siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang. Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal, ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamat! Hindi nagtatagal yaong kanyang galit, at ang kabutihan niya’y walang wakas. Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag, sa buwang-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak. **B.**

* Kaya’t ako’y dinggin, ikaw ay mahabag sa akin, O Poon, ako ay pakinggan, mahabag ka, Poon! Ako ay dinggin mo at iyong tulungan. Nadama ko’y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa. Sa pasalamat sa iyo, O Poon, ay di magsasawa. **B.**

Ikalawang Pagbasa *2 Cor 8:7. 9.13-15*

Ang pagkakaisa at pagiging bukas-palad sa mahihirap ang mga tampok na katangian ng mga unang Kristiyanong pamayanan. Sa siping maririnig natin ngayon, ipinaliliwanag ni Apostol Pablo ang mga dahilang nakagaganyak ng bukas-palad na pakikipagkaisa.

L–Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Kayo’y tanyag sa pananampala-

taya, sa pagpapahayag, sa kaalaman, sa kasipagan, at sa inyong pag-ibig sa amin. Sikapin din ninyong manguna kayo sa pagkakawanggawa.

Alam ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig ng ating Panginoon Hesukristo na bagamat mayaman ay nagpakadukha upang yumaman kayo sa pamamagitan ng kanyang karukhaan.

Hindi sa ibig kong magaanan ang iba at mabigatan naman kayo. Masagana naman kayo ngayon; marapat lamang na tulungan ninyo ang mga nangangailangan. Kung kayo naman ang mangailangan at sila’y managana, sila naman ang tutulong sa inyo. Sa gayon, pareho kayong nakatulong sa isa’t isa at naganap sa inyo ang sinabi sa Kasulatan:

“Ang nagtipon ng marami ay hindi lumabis, at ang nagtipon ng kaunti ay hindi naman kinulang.”

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Aleluya *2 Tim 1:10*

B–Aleluya! Aleluya!

Si Kristo ay nagtagumpay nalupig ang kamatayan nagningning ang pagkabuhay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 5:21-24.35-43*

Mayaman sa kahulugan ang siping ito ng Ebanghelyo tungkol sa kapangyarihan ni Hesus sa kamatayan at kanyang pagkahabag sa mga nananalig sa kanya. Paanyaya ito sa ating lahat na manalig sa kanya bilang Panginoon ng buhay at kabuuan.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, muling tumawid si Hesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, nakasakay sa bangka. Nasa baybay pa siya ng lawa ay pinagkalipumpunan na siya ng maraming tao. Dumating ang isang lalaking nagngangalang Jairo, isang tagapamahala ng sinagoga. Pagkakita kay Hesus, siya’y nagpatirapa sa kanyang paanan at ang samo: “Agaw-buhay po ang anak kong dalagita. Kung maaari, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya’y gumaling at mabuhay!” Sumama naman si Hesus. At sinundan siya ng napakaraming taong nagsisiksikan,

anupa't halos maipit na siya.

May ilang dumating mula sa bahay ni Jairo. "Patay na po ang anak ninyo," sabi nila. "Bakit pa ninyo aabalihin ang Guro?" Hindi pinansin ni Hesus ang kanilang sinabi, sa halip ay sinabi sa tagapamahala, "Huwag kang mabagabag, manalig ka." At wala siyang isinama kundi si Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan. Nang dumating sila sa bahay ng tagapamahala, nakita ni Hesus na gulung-gulo ang mga tao; may mga nananangis pa at nananaghoy. Pagpasok niya ay kanyang sinabi, "Bakit kayo nagkakagulo at nananangis? Hindi patay ang bata; natutulog lamang!" Ngunit pinagtawanan siya ng mga tao. Pinalabas niya ang lahat, maliban sa ama't ina ng bata at sa tatlong alagad, at sila'y pumasok sa kinaroroonan ng bata. Hinawakan niya ito sa kamay at sinabi, "Talita kumi," na ang ibig sabihin'y "Ineng, sinasabi ko sa iyo, magbangon ka!" Pagdaka'y bumangon ang bata at lumakad. Siya'y labindalawang taon na. At namangha ang lahat. Mahigpit na ipinagbilin ni Hesus na huwag ipaalang ito kaninuman; at iniutos niyang bigyan ng pagkain ang bata.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa

kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ang Diyos natin ay Diyos ng kabutihan at buhay. Sinugo Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang palayain tayo sa lahat ng nakapipinsala sa atin, gaya ng pagkamuhi at pagkakasala. Lubos na nananalig sa Kanyang pag-ibig sa atin, tayo'y dumulog sa Kanya, gaya ni Jairo, at manalangin:

B – Diyos ng buhay, dinggin ang aming panalangin!

* Para sa Simbahang Panlahat: Nawa lagi siyang maging kasangkapan ng malasakit ng Diyos sa kabutihan ng lahat ng tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng ating mga pinunong relihiyoso: Nawa magpatuloy silang maging inspirasyon sa sangkatauhan sa hangad nitong labanan ang lahat ng anyo ng sakit at kamatayan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga ahensiya ng pamahalaan at mga NGO na nakalaan sa pagtatanggol at pagtataguyod ng buhay: Nawa magtagumpay ang kanilang mga gawain at suportahan ng lahat ng mamamayang tapat. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga maysakit at lahat ng nagdurusa: Nawa ang alaala ng habag ng Panginoon, katapatan ng nag-aalaga sa kanila, at pakikiisa ng kanilang mga kamag-anak at kaibigan ay maging bukal ng kanilang lakas. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga malapit nang mamatay dahil sa katandaan o karamdaman: Nawa maging handa sila sa katapusan ng kanilang buhay sa lupa nang may pananalig sa mahabaging pag-ibig ng Panginoon. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang mga pansarili nating kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos ng kapangyarihan at lakas, dinggin Mo ang aming mga kahilingan para sa kabutihan ng lahat nam-

ing kapatid, lalo na ng mga nagdurusa. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong Panginoong siya naming Daan, Katotohanan, at Buhay.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kami'y iyong pinapagindapat gumanap sa pagdiriwang ng paghahain ng iyong pagliligtas. Ipagkaloob mong ang aming paglilingkod sa iyo ay gawing kalugud-lugod ng mga alay na ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo I

P – Ama naming makapangyarihan, tunay nang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at mai-tampok sa iyong luningning.

Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kaluluwang aking taglay, Poon ay 'yong papurihan. Tanang aking kakayahan, purihin mo kailanman ngalan ng Poong Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, buhayin nawa kami ng aming inihain at pinagsaluhan upang kaming pinagbuklod sa pag-ibig mo kailanman ay magkaroon ng bungang lagi naming maiaalay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

Nawa pagkalooban kayo ng mabuting kalusugan upang mapaglingkuran ninyo Siya

ang buong galak at katapatan.

B – Amen!

P – Nawa mapahalagahan ninyo ang lahat ng mabuting tinanggap ninyo sa Kanya at gantimpalaan Niya ang inyong pagka-bukas-palad sa mga nangangailangan.

B – Amen!

P – Nawa kayo'y maging mga kasangkapan ng Kanyang pag-ibig sa pagtataguyod ng kapakanan ng inyong kapwa

at pag-alih sa mga naulila ng kanilang mga mahal sa buhay.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

B – Salamat sa Diyos!

KAMI AY NANANALIG SA DIYOS NG BUHAY

Bahagi na ng buhay ang pagdurusa at kamatayan. Sumasapit ito sa lahat. Sa gayong katotohanan, ito'y lalo man ding nagiging isang malalim na misteryong di maipaliwanag ninuman.

Ang lahat ng taong normal ay nagsisikap makaiwas sa pagdurusa o mabawasan man lamang ito. Sa tulong ng agham medisina at teknolohiya, pabahaging nagtagumpay naman ang sangkatauhan. Ngunit, kung minsang nangyari rin ang katulad ng sa salaysay ng babae sa sipi ng mahabang bersiyon ng Ebanghelyo ngayon, na maging ang pinakamahasag na doktor ay walang magawa. *(Sangguniin Mc 5:26.)*

Lubos ang kawalan ng magawa sa harap ng kamatayan. Maaari nating pansamantalang “nadadaya” ito, ngunit sa wakas, dumarating ang kamatayan sa lahat. At kapag namamatay ang tao sa kasariwaan ng kanyang buhay, lalo pang matindi ang kalungkutan. *(Sangguniin Mc 5:23.38.)* Saka higit na matunog ang pagtatanong, “Bakit?”

Naglabasan ang mga kasagutang mula sa galit na pagtutol o sa kinamamatayang pagtanggap. Ang pananampalatayang Katoliko ay may malinaw na sagot na waring nakahihigit pa sa katanungan mismo: *Ang pagdurusa at kamatayan ay hindi bahagi ng plano ng Diyos para sa tao, Ang mga ito ay bunga ng inggit ng demonyo at ng pagsuko ng tao sa kanya. Balang araw, ang pansamantalang gulong ito na bunga ng pagkakasala ay mapapawi kapag binago ito ng Diyos. (Sangguniin din Gen 3:16-19.)* At “papahirin niya ang kanilang mga luha . . . wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay.” *(Pah 21:4-5.)*

Lahat ng ito'y parang isang magandang pangako. Magkatotoo kaya ito? Sinasabi ng ating pananampalatayang “OO!” at nakikita natin ang mga katibayan sa mga himala ni Hesus. Ang isinasalaysay sa sipi ngayon ay dalawa lamang sa marami niyang ginawa. lisa lamang lagi ang mensahe: ang Diyos natin ay isang Diyos ng kabuuan at buhay *(Sangguniin Kar 1:13-14.)* Nais Niya tayong mabuhay nang sagana; ito ang Kanyang ipinarito sa lupa. Ang garantiya ng katotohanan ng lahat ng ito ay mabubuod sa kalipunan ng mga katunayan: ni HESUKRISTO, kanyang pagkatao, mga gawa, muling pagkabuhay. At ito lamang ang tangi nating kailangan.



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua